

Mga Tagatulong

National Human Trafficking Hotline

24-na-oras na Nakahandang Linya:

1-888-373-7888

I-text ang "Be Free" sa 233733

humantraffickinghotline.org

California Coalition for Youth

1-800-843-5200

Coalition to Abolish Slavery and Trafficking (CAST) Los Angeles

1-888-539-2373 (24 na oras)

<http://castla.org>

Tungkol sa Amin

Ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen ay matatagpuan sa kampus ng Paaralan ng Batas ng Pacific McGeorge sa Sacramento, California. Ang aming mga serbisyo ay **libre**. Alam ng aming mga ekspertong tauhan ang pinakabagong impormasyon sa larangan. Tinuturuan namin ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at ibang mga tagapagtaguyod ng biktima tungkol sa:

- Mga legal na karapatan ng mga biktima,
- Kabayaran sa mga biktima,
- Pagbabayad-pinsala,
- Mga hablang sibil, at
- Mga karagdagang karapatan ng lahat ng mga biktima ng krimen (kabilang ang matatanda, mga bata, at mga taong may kapansanan).

Kami ay nag-aalay rin ng:

- Teknikal na tulong at pananaliksik na pambatas sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.
- Mga libreng presentasyon ng "Alamin ang Inyong mga Karapatan" sa mga grupong pangkomunidad.

Kami ay nagpapatakbo ng **1-800-VICTIMS** – ang pambuong-estadong walang-bayad na nakahandang linya na nagbibigay ng kompidensiyal na impormasyon at mga pagrekomenda sa mga biktima, sa kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at mga tagapagtaguyod ng biktima. Ang nakahandang linya ay binubuo ng mga estudyante ng batas sa McGeorge at pinangangasiwaan ng mga abugado.



1-800-VICTIMS (842-8467)

TTY: 1-916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

Email: 1800VICTIMS@pacific.edu

Ang pagpopondo ay ginawang posible sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisiya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Batas sa mga Biktima ng Krimen, 2015-VA-GX-0058. Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa (mga) awtor at hindi nangangahulugang mula sa Cal OES o Kagawaran ng Hustisiya ng U.S.

Suporta para sa Mga Biktima ng Pagtrapiko ng Tao

Pagtrapiko ng Tao



Victims of Crime Resource Center
(Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen)

1-800-VICTIMS (1-800-842-8467)

TTY: 916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

1800VICTIMS@pacific.edu

Ano ang pagtrapiko ng tao?

Ang pagtrapiko ng tao ay isang uri ng pang-aalipin kung saan ang mga tao ay pinipilit, pinupuwera, o nilalansi upang magtrabaho o gumawa ng mga seksual na aksyon laban sa kanilang kagustuhan. Ang pagtrapiko ng tao ay isang pang-estado at pederal na krimen.

Sinu-sino ang mga biktima ng pagtrapiko ng tao?

Sinuman ay maaaring maging biktima ng pagtrapiko ng tao. Ang pagtrapiko ng tao ay hindi nagdidiskrimina. Ang mga biktima ay maaaring:

- Mga lalaki at babae,
- Mga nasa hustong gulang at mga bata,
- Mga tao anuman ang lahi o uring pangkabuhayan, at
- mga mamamayan ng U.S., legal na residente, at walang-dokumentoing imigrante.

Saan nangyayari ang pagtrapiko ng tao?

Ito ay maaaring mangyari sa maraming lugar sa loob ng ating sariling mga komunidad.

Ang *Pagtrapiko ng paggawa* ay madalas na nangyayari sa:

- Mga hotel
- Mga pabrika
- Mga restoran
- Mga lugar ng konstruksiyon
- Mga salon ng kuko


Ang *Pagtrapiko ng seks* ay madalas na nangyayari sa:

- Mga parlor ng masahe
- Mga motel
- Mga online na serbisyo ng escort
- Mga strip club/prostitusyon sa kalye

Ilang tao ang isinasailalim sa pagtrapiko?

Bawat taon, may humigit-kumulang na **40.3 milyon** na mga biktima ng pagtrapiko sa buong mundo. Nasa pagitan ng 14,500 at 17,500 tao ang isinasailalim sa pagtrapiko sa U.S. bawat taon. Pero ang mga biktima ng pagtrapiko ay mahirap mapansin. Iyon ay nangangahulugan na maraming kaso ang hindi naiuulat.

Ang pagtrapiko ng tao ay ang ikatlong pinakamalaking industriya ng krimen sa mundo. Ang pagbiktima sa mga tao ay lumilikha ng **bilyun-bilyong dolyar** sa tubo bawat taon. Ito ang pinakamabilis na lumaking krimen sa ating siglo.



Mga Nagbabalang Tanda ng Pagtrapiko ng Tao

Malamang na nakatagpo ka na ng isang biktima ng pagtrapiko ng tao. Narito ang ilang nagbabalang tanda na dapat bantayan:

- Natatakot, balisa, nalulumbay, tensiyonado, o walang-batayang naghihinalang kilos
- Bilang pagtigil sa paaralan o trabaho
- Anyong hindi nakakakain nang sapat at maaaring may mga bago at lumang pasa
- Pinagkakasya sa isang maliit na espasyo kasama ng ibang mga manggagawa
- Nagtatrabaho ng mahahabang oras nang walang pahinga at may maliit o walang bayad
- Hindi nagkokontrol sa kanyang sariling pananalapi o mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Hindi magawang ibigay ang tirahan o ipaliwanag kung saan sila nakatira

Paano Dapat Kumuha ng Tulong

Kung ikaw ay isang biktima ng pagtrapiko ng tao o naghihinala na may isang biktima:

- Tumawag sa 911.
- Kung ang panganib ay hindi namiminto, tawagan ang Pambansang Nakahandang Linya sa Pagtrapiko ng Tao (National Human Trafficking Hotline) o ibang tagatulong sa brochure na ito.

Magtiwala sa iyong pagpapasiya kung ang isang kalagayan o tao ay ginagawa kang hindi komportable.

Dapat mong laging:

- Panatilihin sa iyo ang mahahalagang dokumento at ID.
- Panatilihin sa iyo ang mahahalagang numero ng telepono.
- Panatilihin ang isang paraan upang makontak ang mga tao (cell phone o phone card), daan sa iyong account sa bangko, at upang makuha ang anumang kailangang mga gamot.
- Idokumento ang anumang di-gustong kontak ng iyong pagtrapiko, at ipunin ang anumang nagbabantag mga voicemail, teksto, email, atbp.

Tulong para sa mga Imigrante

Kung ikaw ay walang dokumento at isang biktima ng pagtrapiko ng tao, maaaring takot kang humingi ng tulong. Maaaring natatakot kang ipatapon o ipakulong. Pero may isang espesyal na programa upang tulungan ang mga biktimang walang dokumento. Ito ay tinatawag na T visa.

Hinahayaan ng T visa ang ilang biktima ng pagtrapiko ng tao at ang kanilang malalapit ng miyembro ng pamilya na mamalagi at magtrabaho nang pansamantala sa U.S. kung sasang-ayon silang tulungan ang tagapagpatupad ng batas sa kanilang kaso.

Upang malaman kung paano mag-aplay para sa isang T Visa, kontakin kami sa: **1-800-VICTIMS (842-8467)**